**IKATLONG MARKAHANG PAGSUSULIT SA EPP V**
**INDUSTRIAL ARTS**
**S.Y. 2017-2018**

**PANGALAN:**_________________________________________**PETSA:** ______________ **ISKOR:**
**PAARALAN:** _______________________________________ **GURO:** ___________________

**PANUTO**: Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat sa sagutang papel

1. Ano ang tinutukoy kapag sinabing mga lokal na materyales?
a. Ito ay mga materyales na mabibili nang mura.
b. Ito ay mga materyales na matatagpuan o makikita sa sariling pamayanan.
c. Ito ay mga materyales na matatagpuan o makikita sa ibang bansa.
d. Ito ay mga materyales na mabibili nang mahal.

2. Alin sa mga sumusunod ang maituturing na lokal na materyales?
a. plastic b. langis c. kawayan d. cracking coil ng Hapon

3. Ano ang lokal na materyales na ipinagmamalaki ng lungsod ng San Pedro, Laguna?
a. tabla b. perlas c. rattan d. sampaguita

4. Alin sa mga sumusunod na produkto ang yari o gawa sa kahoy?
a.  b.  c.  d. 

5. Sa mga pook na sagana sa kawayan at kahoy, alin ang mainam na hanapbuhay?
a. paghahabi b. pagkakarpintero c. paglalatero d. pagmimina

6. Alin sa mga sumusunod na kasangkapan sa paggawa ang ginagamit sa pagsusukat ng maikling distansiya, tumitiyak sa lapad at kapal ng tablang makitid at ginagamit kung nais tandaan kung iskwalado ang sulok ng bawat bahagi ng kahoy?
a. iskwala b. foot rule c. zigzag rule d. metro

7. Isa itong kasangkapan sa paggawa na ginagamit na pambaluktot, pampukpok ng metal at pambaon sa pait at pako. Ano ito?
a. malyete b. maso c. martilyo d. barena

8. Ano ang uri ng lagari na ginagamit na pamputol nang paayon sa hilatsa ng kahoy?
a. ripsaw b. crosscut saw c. backsaw d. coping saw

9.Bakit kailangan maglaan ng isang lalagyan o lugar para sa mga kasangkapan sa paggawa?
a. Upang hindi kakalat-kalat ang mga kasangkapan.
b. Upang hindi maging dahilan ng aksidente ang mga pakalat-kalat na mga kasangkapan.
c. Upang hindi mawala ang mga kasangkapan.
d. Upang maganda sa paningin ang maayos na kasangkapan.

10. Alin sa mga sumusunod ang dapat isuot kapag gumagawa ng mga proyektong pang Industriya?
a. sando at maikling shorts c. damit pansimba
b. overall, apron, o longsleeves d. damit na pambahay

11. Isa itong proyekto sa gawaing elektrisidad na ginagamit kapag malayo sa saksakan ang isang kagamitang de kuryente. Ano ito?
a. lampshade b. kalan na de kuryente c. extension cord d. switch

12. Alin ang sa mga sumusunod ang wastong pagkakasunud-sunod ng mga hakbang sa paggawa ng extension cord?

- Luwagan ang turnilyo ng outlet at ibukas. Iikot ang isang binalatang dulo ng kawad ng kaliwang bahagi at ang isa sa kanang bahagi. Ipaikot sa turnilyo at ipitin ng mahigpit. Ilagay ang pansara.
- Buksan ang male plug. Makikita ang dalawang turnilyo, luwagan ng bahagya at iikot sa magkabilang turnilyo ang magkahiwalay na kawad sa paggamit ng underwriter's knot upang makatiyak na dadaluyan ng kuryente ang terminal.
- Ihanda ang kawad. Paghiwalayin ang magkatabing kawad ng magkabilang dulo at balatan ang mga ito ng 10 sentimetro. (10-15 sentimetro).
- Tingnan mabuti ang lahat ng ikinabit na bahagi kung hindi nagkamali sa pagsasagawa ng mga hakbang.
- Higpitan muli ang turnilyo upang maipit ang kawad.Isara muli ang plag. Subukan sa paggamit ng tester kung dadaluyan ng kuryente.

a. I-II-III-IV-V
b. III-II-I-V-IV
c. III-I-II-V-IV
d. II-III-I-V-IV

13. Kapag gumagawa ng kagamitang de  kuryente, ano ang dapat isaalang-alang?
a. Sundin ang mga hakbang.
b. Sundin nang maayos ang mga hakbang at gayundin ang mga pangkaligtasang gawi.
c. Pumili ng mga murang materyales.
d. Mabilisin ang paggawa ng matapos agad.
14. Nais ni Rico malaman kung may dumadaloy na kuryente sa ginawa nilang proyekto. Anong kasangkapan ang dapat niyang gamitin?
a. plais b. lanseta c. tester d. disturnilyador
15. Bibigyan na ng pagpapahalaga ang nagawang extension cord ng bawat pangkat. Alin sa mga sumusunod ang dapat bigyan ng pinakamataas na marka?
a. Proyekto A- Maayos ang pagkakagawa subalit ipinasa dalawang araw matapos ang itinakdang araw.
b. Proyekto B- Hindi maayos ang pagkakagawa subalit naipasa sa itinakdang araw.
c. Proyekto C- Maayos ang pagkakagawa subalit hindi mag-aaral ang gumawa.
d. Proyekto D- Ginawa ng mga mag-aaral, naipasa sa itinakdang araw, at maayos ang pagkakagawa
16. Pinag-iisip kayo ng inyong guro ng kapaki-pakinabang na proyektong pang-elektrisidad para sa klase ninyo sa Industriya. Aling materyales ang angkop mong gamitin?
a. mga patapon ng gamit subalit maaari pang pakinabangan
b. mga mamahaling materyales para maganda ang kalalabasan
c. mga nabili mula sa ibang bansa
d. mga mumurahing materyales para makatipid
17. Sa paggawa ng proyekto, ano ang dapat unahin?
a. Gumawa ng listahan ng mga kakailanganing materyales
b. Gumawa muna ng plano ng proyekto
c. Mag-ikot at maghanap ng murang materyales.

d. Maghanap ng makakatulong mo sa paggawa.
18. Ang sumusunod na larawan ay proyektong pang elektrisidad, maliban sa isa. Alin ito?

a.  b.  c.  d. 

19. Aling bahagi ng plano ng proyekto ang inilalagay sa unahan?
a. Layunin b. Pangalan ng Proyekto c. Mga Kasangkapan d. Pagtutuos
20. Aling lokal na materyales ang magagamit mo sa paggawa ng lampshade?
a. karton b. plastic c. kawayan d. bote

21. Ano ang pag sa survey sa Industriya?
a. paghahanap ng materyales na mura
b. pagsasaliksik at paghahanap ng mga materyales na pinakamainam na gamitin
c. pagtatanong-tanong sa kabahayan
d. panghihingi ng listahan ng mga tindahan
22. Anu-ano ang pamamaraan sa pagsasagawa ng survey?
a. Paggamit ng computer at Internet Connection c. a at c
b. Pagtatanong gamit ang lapis/ballpen at papel d. wala sa mga nabanggit
23. Sa pagsasagawa ng survey tungkol sa paggawa ng kwintas na yari sa sampaguita, sinu-sino ang mainam na pagtanungan?
a. mga tindera ng kwintas na sampaguita c. mga bumibili ng kwintas na sampaguita
b. mga gumagawa ng kwintas na sampaguita d. ang iyong mga magulang
24-25. Alin-alin sa mga sumusunod ang mga dapat isaalang-alang sa pagsasagawa ng survey?
a. budget o salapi b. yamang tao c. kasuotan d. uri ng papel at lapis
26. Alin sa mga sumusunod ang nagpapahayag ng maling kaisipan?
a. Ang ating pamayanan ay sagana sa mga materyales na likas nating matatagpuan sa ating paligid.
b. Mahirap maghanap ng mga materyales sa ating bansa.
c. Maaari tayong makahanap ng materyales sa dagat.
d. Ang mga kagamitan sa ating tahanan ay gawa mula sa mga materyales sa ating paligid.
27. Ang puno na ito ay itinuturing na "Puno ng Buhay" dahil sa ang bawat bahagi nito ay may gamit. Ano ito?
a. mangga b. narra c. niyog d. ipil-ipil
28. Maaaring gawing lubid ang mga hibla nito. Anong halaman ito na kahawig ng puno ng saging?
a. abaka b. niyog c. bayabas d. pinya

29-30. Anu-anong pinaghalong materyales ang ginamit sa produktong ito?
a. metal b. kawayan c. kahoy d. damo



31. Bakit kailangang suriin ang proyektong natapos o nagawa?
a. upang mapintasan ng iba
b. upang makakuha ng suhestiyon ng iba kung paano mapapaganda pa at mapabubuti pa ang proyekto
c. upang magkaroon ng marka
d. upang maipagyabang sa iba
32. Ito ay kasangkapan sa pagbibigay ng marka sa proyektong nagawa gayundin sa kakayanang ipinakita ng mga gumawa ng proyekto. Ano ito?
a. report card b. tally sheet c. tabulator d. rubrics
33. Anu-ano ang itinuturing na pinakahuling ayos na magagawa sa proyekto?

a. pagpuputol at pagdidikit c. pagsusukat at pagdidikit
b. pagliliha, pagpipintura o pagbabarnis d.pagkakahon at pagsasapamilihan

34. Ano ang mahalaga sa paggawa ng proyekto?
a. Matapos ito at maibenta nang mahal.
b. Mapatunayan sa sarili na ikaw ay magaling.
c. Mapatunayan sa sarili na ikaw ay may angking galing at kakayanan na bumuo ng proyekto o produkto.
d. Magkaroon ng mataas na marka.

35. Sa pagsusuri sa inyong proyekto, maraming naging puna na hindi maganda. Ano ang dapat mong isaisip?
a. Hindi na lang gagawa muli ng proyektong iyon.
b. Gagamitin ang mga puna upang sa susunod ay mas mapabuti pa ang paggawa.
c. Magagalit sa mga nagbigay ng hindi magandang puna at pipintasan ang gawa nila para makaganti.
d. Hahanap ng ibang proyekto na mas kayang gawin.

36. Sa kanto na pinagtitindahan ng mag-anak ni Mang Johnny ay magkakatulad lamang ang kanilang panindang ibinibenta. Paano magagawa nila Mang Johnny na sa kanila bumili ang mga mamimili ?
a. Gawing kaakit-akit ang pagsasaayos ng kanilang paninda at magpatugtog para matawag ang atensiyon ng mga dumadaan.
b. Babaan nang husto ang presyo ng kanilang paninda.
c. Siraan sa mga mamimili ang kabilang tindahan.
d. Hilahin agad ang mga mamimili sa kanilang tindahan para hindi na makapunta sa iba.

37. Magkano ang tinubo ni Aling Maria sa walis tingting na kaniyang ginawa kung ang puhunan niya ay P10 at ibinenta niya ng P15?
a. P 5.00 b. P 6.00 c. P 4.00 d. P 8.00

38. Paano inaayos ang mga paninda?
a. Pagsama-samahin ang magkakaibang produkto
b. Ayusin ayon sa laki ng produkto
c. Pagsama-samahin ang magkakatulad na produkto
d. Pagsama-samahin ang mga mahal na produkto

39. Bakit kailangan lagyan ng tag price o presyo ang mga paninda?
a. Upang hindi mo na kailangang kabisaduhin ang presyo ng mga paninda.
b. Upang mabasa ng mamimili at ng sa gayon, hindi na sila paulit-ulit ng tanong.
c. Upang makapili ang mga mamimili.
d. Upang makatawad o makahingi ng bawas sa presyo ang mga mamimili

40. Kailan dapat itala ang mga gastusin sa paggawa?
a. tuwing makalawa c. araw-araw
b. lingguhan d. buwanan

41. Ito ay paraan ng pagsasaayos ng mga kagamitan o kasangkapan na nasira upang magamit na muli.
a. pagkukumpuni b. pagtitipid c. paglikha d. paggawa

42. Isang kasangkapan na ginagamit na pampahigpit at pampaluwag ng turnilyo. Ano ito?
a. lyabe b. lagari c. disturnilyador d. plais

43. Ano ang ilalagay mo sa dalawang bahagi ng umuugang bahagi ng mesa o silya at sandalan nito?
a. bisagra b. brace c. pako d. turnilyo

44. Ano ang maaaring maging dulot ng short circuit kung mapabayaan?
a. sunog b. baha c. pagkasira ng bahay d. pagkaubos ng ari-arian

45. Ano ang tawag sa mga bagay na hindi dinadaluyan ng kuryente?
a. conductor b. insulator c. consumption d. generator

46. Ano ang kabutihang maidudulot sa iyo kapag marunong kang magkumpuni ng mga sirang kagamitan?
a. Mayroon kang mapaglilibangan.
b. Mayroon kang mapagkakakitaan.

c. Makatitipid ka.
d. Lahat ng nabanggit.
47.Paano mo pahahalagahan ang kinumpuning kagamitan?
a. Tingnang mabuti kung maayos na ba.
b. Sipa-sipain upang malaman kung matibay na uli.
c. Gumamit ng rubrics na may mga pamantayan.
d. Idaan sa palakasan ng palakpak.
48. Kailan isinasagawa ang pagpapahalaga?
a. Bago gawin ang pagkukumpuni.
b. Pagkatapos gawin ang pagkukumpuni.
c. Habang ginagawa ang pagkukumpuni.
d. Kapag nasira na muli ang kinumpuni.
49.Anong maaaring mangyari kapag ipinagsawalang-bahala ang mga sirang kagamitan?
a. Mauubos ang inyong mga kagamitan
b.Magagalit ang iyong mga magulang
c. Maaaring maging dahilan ito ng aksidente.
d. Malaki ang inyong gagastusin sa pagbili ng mga bagong kagamitan.
50. Sino ang dapat na matutong magkumpuni?
a. mga kalalakihan lamang c. mga mag-aaral
b. mga kababaihan d. lahat

**Ikatlong Markahang Pagsusulit sa Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan V**
**Industrial Arts**
**Taong Panuruan 2017-2018**

## TALAAN NG ESPISIPIKASYON

| LAYUNIN | BLG. NG ARAW NA ITINURO | BAHAGDAN | BLG. NG AYTEM | PINAGLALAGYAN | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | Madali 70% 35 | Katamtaman 20% 10 | Mahirap 10% 5 |
| 1. Natatalakay ang mga mahahalagang kaalaman at kasanayan sa gawaing kahoy, metal, kawayan at iba pang lokal na mga materyales sa pamayanan. **(EPP5IA-0a-1)** | 5 | 10% | 5 | 1-5 | | |
| 2. Nakagagawa ng mga malikhaing proyekto na gawa sa kahoy, metal, kawayan at iba pang materyales na makikita sa komunidad. **(EPP5IA-0b-2)** | 5 | 10% | 5 | 6-7,10 | 9 | 8 |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 3. Nakagagawa ng proyekto na ginagamitan ng elektrisidad. **(EPP5IA-0c-3)** | 5 | 10% | 5 | 11,13-14 | | 12 |
| 4. Nakabubuo ng plano ng proyekto na nakadisenyo na mula sa iba't-ibang materyales na makikita sa pamayanan na ginagamitan ng elektrisidad na maaaring mapagkakitaan. **(EPP5IA-0d-4)** | 5 | 10% | 5 | 17-20 | | 15,16 |
| 5. Nakapagsasagawa ng survey gamit ang teknolohiya at ibang paraan ng pagkalap ng datos upang malaman ang mga:<br>a. iba't-ibang produktong mabibili na gawa sa iba't-ibang materyales<br>b. disenyong ginamit<br>c. materyales, kagamitan, at pamamaraan sa pagbuo<br>d. pangangailangan sa pamilihan (market demands)<br>**(EPP5IA-0e-5)** | 5 | 10% | 5 | 22 | 21,23,<br>24,25 | |
| 6. Nakapagtatala ng iba pang disenyo at materyales na maaaring magamit o pagsama-samahin upang makagawa ng malikhaing produkto batay sa nakalap na datos **(EPP5IA-0f-6)** | 5 | 10% | 5 | 26-30 | | |
| 7. Nasusuri ang ginawang produkto at naisasaayos ito batay sa sarili at mungkahi ng iba gamit ang rubrics **(EPP5IA-0g-7)** | 5 | 10% | 5 | 31-35 | | |
| 8. Naisasapamilihan ang mga nagawang produkto gamit ang natutunang productivity tools **(EPP5IA-0h-8)** | 5 | 10% | 5 | 37-40 | | 36 |
| 9. Naisasagawa ang payak na pagkukumpuni ng mga sirang kagamitan at kasangkapan sa tahanan o sa paaralan **(EPP5IA-0i-9)** | 5 | 10% | 5 | | 41-45 | |
| 10. Naipakikita ang pagpapahalaga sa pagkukumpuni sa sirang kasangkapan sa tahanan o paaralan **(EPP5IA-0j-10)** | 5 | 10% | | | | |
| | 50 | 100% | 50 | 35 | 10 | 5 |

SUSI SA PAGWAWASTO

PAGSUSULIT SA EDUKASYONG PANTAHANAN AT PANGKABUHAYAN V

**INDUSTRIYA**

T.P. 2017-2018

1. B
2. C
3. D
4. B
5. B
6. A
7. C
8. A
9. B
10. B
11. C
12. B
13. B
14. C
15. D
16. A
17. B
18. C
19. A
20. C
21. B
22. C
23. B
24. A
25. B
26. B
27. C
28. A
29. C
30. D
31. B
32. D
33. B
34. C
35. B
36. A
37. A
38. C
39. B
40. C
41. A
42. C
43. B
44. A
45. B
46. D
47. C
48. B